# ANG PAGHAHANAP SA MGA PUTOL-PUTOL NA NARATIBO, O KUNG BAKIT MAHALAGANG BUUIN ANG MGA MUMUNTING KASAYSAYAN

Jun Cruz Reyes

Sa *Wealth of the Nation* ni Adam Smith, may nabanggit siyang konsepto ng unintended effect. Ito ang pangyayari na hindi kasama sa plano pero nangyari. Ibinigay niyang halimbawa ang paggawa ng tinapay na ang sobra'y ibibenta. Dahil lamang sa tinapay, naapektuhan ang mga nagtatanim ng trigo, ang transportasyong magdadala ng trigo, ang manggagawa ng tinapay at magdedeliber, at malauna'y ang bibibili ng tinapay. Kay daming nakinabang dahil lamang may gustong gumawa ng tinapay. Ganito ang nangyayari sa pagpasok ng technological revolution. Microchip lamang ang simula, ikinabit sa computer, sa cellphone at sa lahat ng puwedeng gamitan nito. At nabagong bigla ang takbo ng mundo. Ang gadget ay naging ekstensyon ng kamay, na naging ekstensyon ng isip hanggang naging bahagi na ng katawan, na kulang ang araw kapag nawala ito. Ari mo ba ang cellphone mo o ari ka na nito?

Ang dami nitong pinalitan: radyo, calculator, telepono, camera, tv, musika, diksyunaryo, dyaryo, library, shopping, sugal, kahit ano, puwedeng lamanin nito, pati ang mga bawal sa bata. Kaya nga parang parte na ito ng katawan. Lamang, ang matalinong gadget ay walang sariling isip. Ang halaga nito'y nasa gumagamit pa rin. Sa unang plano'y pampabilis lamang ito ng access sa impormasyon. Ika nga, pag hindi mo alam, i-Google mo. Kaya lamang ay marami ring mga unintended effect sa paggamit ng social media. May fake news na misimpormasyon o disimpormasyon ang target. Mas matindi kung ang nagpapakalat nito'y troll na malasindikato kung gumalaw. May nagmamaniobra, may resulta, may nakikinabang pero makina at ilang tao lamang talâga ang gumagawa. Kaya nilang mambura o magbago ng mga talâ. Sa gamit ng algorithm, nahuhulaan nila ang mangyayari at magagamot ang mga problema.

Paano na tayo magtatalâ, o ano na ang mga itatalâ sa panahon ng pambubura ng mga talâ?

Malaking hamon ito sa mga tradisyunal na gawain ng mga manunulat. Tala kontra talâ, pagsusulat versus pagbubura o rebisyon ng mga talâ. Ang talâ ng social media ay mukhang pang-ingay lamang at para sa oras na ito lamang kaya madaling mabago at mapalitan. At sa panahong ito gusto kong hanapin at talakayin ang mga putol-putol na naratibo. Putol-putol kasi hindi natutuloy, kung minsa'y naliligaw ng landas. Puwede rin itong hamon sa pagbubuo ng mga mumunting kasaysayan, para mabuo ang talâ mula sa laylayan. Ang gagamitin kong mga datos dito, hangga't maaari, ay iyong sa PUP mismo o ano ang papel ng PUP sa pagbubuo ng little history sa panahon ng pambubura sa kasaysayan.

Heto pa ang tunguhin ng ating kasalukuyan. Ang mga library, binabawasan ng libro. Masama raw magbasa ng mga hindi nararapat basahin. Saang libro nila nabasa na masamang magbasa? Sinong philosopher ang nagturo sa kanila na masamang magbasa. Paano mo sasabihing alam mo ang alam mo kung hindi mo na alam ang hindi mo alam. Ganito gumugulo ang mga pagtatalong putol. Ang dapat ay nilalagyan ng maraming libro ang mga library, hindi binabawasan. Sa Brazil, pinagagaan ang sentensya ng mga bilanggong nagbabasa. Si Gramsci ng Italy ay nagbasa nang nagbasa habang nakakulong, hanggang naging philosopher. Mahalaga ang libro. Saan ba galing ang libro? E, 'di sa bookstore. Ang bookstore ay mundo ng mga salita at imahinasyon. Parang library rin, tahanan ng talino, ng kahit anong talino. Walang limit ang imahinasyon, walang limit ang talino. Kaya ang mga bookstore naman ngayon ang sinasalbahe. Sinampolan ang Popular Bookstore at Solidaridad. Ngayon nama'y pati ang mga Kuwentong Pambata na inilabas ng Adarna Publishing House ang napapag-iinitan. Imagine, NPA pala ang mga bookstore na ito. E, sino ba ang sumusulat ng mga libro? E, 'di mga writer. Ergo, kalaban ang mga manunulat ng mga hindi nagbabasa? Bakit? Ang manunulat ay nagtatalâ ng kanyang nakikita, naiisip at nadarama. Sa fiction niya sinasabi ang inaakalang katotohanan. Makapangyarihan ang imahinasyon, kaya nitong gumawa ng mga alternatibong realidad. Kaya ba nakakatakot ang mga manunulat? Maraming klase ng manunulat—may nagsasabi ng laman ng kanyang isip at meron din namang nagsusulat sang-ayon sa sabi ng bulsa.

Sa Pilipinas, mahirap maging matalino. Maraming tanong ang mga matalino, maraming mga bakit-bakit. Parang ang batang si Rizal na ang tawag ng mga kapatid ay si Tanong. Maraming mauungkat ang mga tanong. Bakit maraming mahirap sa Pilipinas gayong mayaman naman ito sa natural resources? Bakit iilan lamang ang may-ari ng kayamanan ng Pilipinas? Bakit ang mga negosyante ay nasa politika at ang mga politiko ay nasa negosyo? Ang tanong ng mga bayani noon ay tanong pa rin ng mga intelektuwal, nasa akademya man o nasa labas. Ang mga nagtatanong na nagsusulat pa ay mas delikadong tao raw. Nababaril sila, o kaya'y nakukulong, o pinagbabantaan ang buhay na magkaminsa'y tinutotoo ang banta, o ipinapatapon nang buhay, o kaya'y matatagpuang nakatali at may karatulang huwag pamarisan. Parang trato sa isang kriminal lamang.

Sino ang gumagawa nito? E, 'di ang mga mamumutol ng kasaysayan. Kaya nga posible ang mga pagbabalik ng mga sinipa palabas, isinuka, at ipinakulong. Mabuti pa ang mga tambay at hindi kumakain ng suka. Itong mga mamumutol, kapag siyang pinanggalingan ng talâ, ay lalabas na kinawawa ng mga kawawa. Sila ang biktima ng mga walang trabaho, walang lupa, walang bahay—mga walang hiya ang mga walang-wala. At naniniwala sila roon.

Ang pag-aaral na ito ay tungkol nga sa mga puwede at hindi puwedeng isulat sang-ayon sa mga mambubura ng kasaysayan. Nakakasáma raw sa sambayanan ang mga taong may isip. Ayaw iyon ng mga Kastila, magiging filibustero raw ang mga katutubo. Laging may sensura ang kapangyarihan para huwag makasali ang mga inaayawan nila. Ayaw ng mga kolonisador na kinukuwestyon sila sa kung ano ang ginagawa nila sa isang bayan na hindi naman sa kanila. Ayaw din ng mga diktador na kinukuwestyon ang kapangyarihan nila. Kung hindi na puwedeng magsalita, anong gagawin mo sa laman ng isip mo? E, 'di isulat. E, kung mapanganib? E, 'di ang isulat ay iyong safe?

Kung maraming ayaw ipasulat, maghahagilap sa mga talâ. Halimbawa, iniisip ko noon kung bakit ba ang kanta natin ay mala-Kundiman pa rin. Pag-ibig na walang hanggan ang laman mula noon hanggang ngayon. Ganoon noong panahon ng Kastila, hanggang ngayon. Iniisip ko, masarap iyong panlibang. Gawing komiks, radio, TV, at pelikula. Kaya ang mga kuwento ng pag-ibig ay pambansang libangan. Safe na safe. Pero hindi naman puro puso ang laman ng katawan ng tao. May utak at bituka iyon. Ayan na, kapag pinayagan

iyan, may mga kala-kalayaan na iyang isusunod. Puputulin. At nagkaputol-putol na nga ang mga diskurso. Kung putol nga, paano itutuloy? Ano ang kasunod? Kung hindi puwedeng sabihin ang laman ng isip, e, 'di isulat. Ito ang gusto kong hanapin. Nasaan ang mga ayaw ipasulat? Ano ang silbi ng mga ito kapag isinulat? Kung gaano karaming kuwentong panlibang, ganoon din karaming mga kuwentong tinakpan. Maaaring matantiya ang halaga ng isa sa pagsukat sa mga nawawala.

Halimbawa, ang usapin lamang noong panahon ng Himagsikang 1896 ay patalsikin ang mga abusadong Kastila. Napatalsik ang Kastila, hindi ang abusado. Ang pumalit ay mga katutubong elite, o principalia, na maka-Kastila rin, na abusado rin. Sila ang mga ilustrado na nuno ng mga kasalukuyang politiko na laman ng *The Modern Principalia: The Historical Evolution of the Philippine Ruling Oligarchy* ni Dante C. Simbulan at *An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines* ni Alfred W. McCoy.

Noong EDSA 1, ang usapin nama'y patalsikin ang diktador. Napatalsik naman. Inalis nang mapabagsak ang mga crony ni Marcos, at ibinalik ang mga crony na pinatalsik naman ng diktador. Ito ang kasaysayan ng mga putol-putol na diskurso, walang closure kaya kailangan ang pag-uulit-ulit ng diskurso dahil paulit-ulit din ang mga pagtatangka sa pagrerebisa ng mga talâ. Hindi naman nilinaw na huwag itong pabalikin. Lahat nama'y nakababalik. Nakabalik si Gloria Macapagal-Arroyo. Si Joseph Estrada rin. At si Marcos ay nakapamasyal pa nga mula Hawaii pauwing Batac, Ilocos Norte, at kasalukuyang nagpapahinga sa Libingan ng mga Bayani.

Tingnan natin ang halimbawa ng regodon sa kapangyarihan ng ruling elite. Si Trinidad Pardo de Tavera ay Kastila, napangasawa niya ang isang tagapagmana ni Admiral Montojo. Sa lahing ito manggagaling ang angkan ni Enrique Zobel de Ayala. Siya ang kalihim ng Kagawarang Panlabas sa gabinete ni Emilio Aguinaldo. Nang tingin niya'y matatalo sila ng Amerikano, lumipat siya sa kabila. Tapos itinatag niya ang diyaryong *La Democracia* noong 1899 na tahasang pro-American. Siya rin ang nagtatag ng Partido Federalista na ang layuni'y mapasailalim ang Pilipinas sa Estados Unidos. Si Felipe Buencamino ay kabigang matalik ni Paciano Rizal, aktibo sa gawaing propagandista ng Juventud Escolar Liberal, na sangay-pangkabataan ng samahang Comite de Reformadores nina Padre Jose Burgos. Tapos noong rebolusyon, sa mga Kastila ito kumampi.

Opisyal siya ng Spanish Army, binigyan pa nga ito ng medalyang Cross of Charles III noong Oktubre 16, 1897. Tapos ay lumipat siya sa hanay ng mga Amerikano at sumali nga sa Federalista. Idagdag pa natin si Gregorio Araneta na naging kalihim ng Department of Justice ni Aguinaldo. Lumipat din ito sa mga Amerikano, naging miyembro ng Supreme Court ng gobyerno-militar ng Amerika. Si Cayetano Arellano ay regidor (konsehal) sa panahon ng Kastila. Naging kalihim din siya ng Kagawarang Panlabas ni Aguinaldo, pero malauna'y papanig kay General Elwell Otis. Malauna'y itatalaga siya ng mga Amerikano na Chief Justice ng Supreme Court. Idagdag pa natin ang The First Filipino General sa sumurender, at hindi ang general na hindi sumurender. Ang sumurender ang ipagmamalaki natin. Ito ang ating kasaysayan sang-ayon sa mga talâ ng mga mamumutol.

Ang pagsusulat ay pagtatalâ. Ang mga talâ ay mga testimonya, patunay sa mga pangyayari. Historyador din ang manunulat, kahit pa ang sarili ang isulat niya. Sa panitikan, maaaring matagpuan ang mga pangyayari sa kasaysayan, ang alaala ng mga ordinaryong tao, ang kanilang mga aspirasyon na taliwas sa itinatalâ ng mga elite—narito ang pambansang memorya.

Lagi nating naririnig sa mga parangal sa mga mahal nating namaalam, na hinding-hindi kalilimutan ang kanilang mga alaala. Kaso, kapag hindi naman isinulat, at kung ikaw rin lamang naman ang nakakaalala, wala rin. At ang hindi makakalimot ay makakalimutan din. Kaya ang mas malimit na kilala lamang natin ay hanggang mga lolo natin, ang mga lolo ng lolo, ewan. E, ang lolo ng lolo ng lolo? Ano iyon? At ganoon nga napuputol ang maraming mga alaala, mula sa personal hanggang sa pambansa.

Itong mayayamang politikong ito ay mag-aasawahan. Mapapangasawa ng mga Araneta ang mga Lopez. Ang mga Yulo at Araneta. Ang Osmeña at de la Rama at Jacinto. Ang mga Cojuangco at Sumulong. Ang Aquino at Reyes. Ilang halimbawa ito, na nag-uulit-ulit sa mga rehiyon ng bansa. May mga crony/oligarch/tropa ang mga politiko. Nagpapalit-palit sila, ang papel nati'y tagaboto nila. Ang tawag doo'y democratic exercise na katapat ng political dynasty. Namamana rin ang mga katungkulan sa pamahalaan. Kaya mahalagang laging binabalik-balikan ang mga talâ. Para mapuno ang kulang ay kailangang marebyu ang mga kinagisnan. Sino ang mga nagtalâ? Ganito rin ang tanong ni Rizal noong hinahanap niya ang ating mga ninuno. Binasa niya ang *Relazione del primo viaggio intorno*

*al mondo* ni Antonio Pigafeta; ang report ni Padre Martin de Rada sa hari ng Espanya tungkol sa pang-aabuso ng pangkat nina Legazpi; ang *Conquista de las Islas Filipinas, 1565-1615* ni Gaspar de San Agustin; ang *Relación de las Islas Filipinas* ni Padre Pedro Chirino; at pinakahuli, ang talâ ni Morga na ginawan ng anotasyon ni Rizal.

Si Rizal ang nag-umpisa ng pagtatanong sa usapin ng kolonyalismo. Kung susuriin, mukhang ang thesis ng panulat ni Rizal ay tungkol sa dekolonisasyon ng isip ng mga Pilipino kaya nga ang slogan niya ay ang 'edukasyon-edukasyon.' Sa anotasyon niya kay Morga, pinag-aralan niya kung ano ang kalagayan ng Pilipinas bago dumating ang mga mananakop. Marangal ang mga babaeng Pilipina, sabi niya. Walang salitang puta sa Pilipinas. Hindi rin sabong ang umpisa ng bisyo, Kastila ang may dala ng baraha sa Pilipinas. At lalong hindi tamad ang mga katutubo. Ang tamad ay ang mga sundalo at frayle na kumakain pero hindi naman nagtatanim ni nangingisda. Saka niya binanggit sina Urduja, matapang at magandang babae. Si Panday Pira na gumagawa ng mga lantaka (kanyon), bilang patunay ng sinaunang sibilisasyon. Binanggit din niya ang pagawaan ng malalaking bangka (caracoa) na kayang tumawid ng dagat. Ang nakita ni Rizal ay ang Pilipino sang-ayon sa pananaw ng mga dayuhan. Hindi iyon gusto ni Rizal. Gusto niyang tingnan iyon sa pananaw ng isang katutubo. Ng mga kinolonisa, maliliit na katutubo. At kaya raw nabansot ang pag-unlad ng mga Filipino ay hindi bunga ng katamaran kundi ng pang-aabuso ng mga conquistador. Bakit magsisipag kung ang ani'y kukuhanin lamang ng mga conquistador? (Maraming magagamit na mga kontra-argumento sa diskurso ni Rizal. Pero hindi iyon ang punto na gusto kong talakayin.)

Ang thesis ni Rizal na may golden age ang Pilipinas bago dumating ang mga dayuhan ay mababasa ni Bonifacio, kaya gagawin niya ang sanaysay na "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog." Tinalakay niya ang (1) ano ang Pilipinas noong wala pa ang mga Kastila?; (2) ano ang Pilipinas sa ilalim ng mga Kastila?; at (3) ano ang Pilipinas kapag lumaya na? Sa Katagalugan, ang tinutukoy niya'y ang lahi, hindi niya tanggap ang derogatoryong Indio na tawag sa katutubo. Sa Katagalugan, sabi ni Bonidacio, sakop nito mula Ilocos hanggang Jolo. Pupulutin ito ng isa pang dating katipunero noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano, si Aurelio Tolentino. Isusulat niya ang sedisyosong dula, ang *Kahapon, Ngayon, at Bukas*. Ganoon din ang laman, may sibilisayon kahapon bago dumating ang mga dayuhan, naapi ngayon at lalaya bukas. Ang nadagdag lamang ay ang pagsali

ng mga Tsino at Amerikano sa mga nang-aapi sa kasalukuyan, na kasabwat ng mga taksil na kababayan. Parang mantrang inuulit-ulit ito, ganito nilalabanan ang mga mambubura ng kasaysayan, halimbawa ito ng pagbubuo ng counter memory, para huwag makalimutan ang mga dapat ay tinatandaan.

May isa pang alingawgaw ang Anotasyong Morga ni Rizal sa anyo naman ng tula. Si Hermenegildo Flores, isang makata, ay gumawa ng tulang "Hibik ng Pilipinas sa Inang Espanya." Nagsusumbong ang anak sa ina tungkol sa kanyang mga hinanakit. Na sasagutin naman ni Marcelo H. del Pilar ng tulang "Sagot ng Espanya sa Hibik ng Pilipinas," na ang laman nama'y tungkol sa kawalang malasakit ng ina sa anak. At puputulin ni Andres Bonifacio ang mga hibik-hibik na ito nang isinulat niya ang pinakahuling sagot sa dalawang naunang tula, ang "Katapusang Hibik ng Pilipinas." Putol kung putol, kung ang nanay mo ay hindi mabuti, kailangang magpasiya na ang anak na tigilan na ang kasamaan ng ina. Usapin na ito sa paggamit ng tabak.

Ito ang halimbawa ng halaga sa pagbuhay sa pag-uulit ng mga diskurso. Ang talâ ng mga chronicler ay talâ para sa hari ng Espanya. Ang talâ nina Blair at Robertson ay para sa mga Amerikano, kaya pati daan ng bagyo ay isinali na rin nila. Maraming-maraming nagtatalâ. Basta ginawang trabaho ang pagtatalâ, mas malamang na ang diskurso ng nagbayad ang masusunod, ganoon ang tunguhin ng mga troll at fake news, ang putuluin ang makabayang naratibo, at itanghal ang nagbibigay sa kanila ng trabaho. Kaya sa dulo, ang tanong: aling talâ ang itutuloy o gagamitin? Sapagkat pana-panahong nirerebyu ang mga talâ para maging gabay sa pag-unawa. Ito ang balak gawin ng pag-aaral na ito, ang halungkatin ang mumunting talâ na nagtutuloy sa mga kalayaang hinanap nina Rizal at Bonifacio.

Kung may mamumutol ay mayroon ding tagadugtong. Si Amado V. Hernandez ang tinutukoy ko. Isinulat niya ang *Bayang Malaya: Tulang Kasaysayan*, isang nobelang patula. Tungkol ito sa paglaban ng mga gerilya laban sa mga Hapon para makamtan ang bayang malaya. Isinulat din niya sa loob ng kulungan ang kanyang magnum opus na "Isang Dipang Langit." Sa loob ng kulungan niya binalangkas ang dalawa pa niyang isusulat na nobela, ang *Luha ng Buwaya* at *Mga Ibong Mandaragit*. Itong huli ang pansinin natin. Ang pamagat na Mga Ibong Mandaragit ay hinango niya sa "Aves de Rapina" ni Teodoro Kalaw, isang editoryal na lumabas sa diyaryong *El Renacimiento* (Muling Pagsilang) noong 1908. Tungkol ito sa

korapsyon ng mga kolonisador na Amerikano. Hindi ito nagustuhan ni Dean Conant Worcester na Secretary of the Interior ng pamahalaang Amerikano, kaya siya'y nademanda nang dalawang beses. *Ang Mga Ibong Mandaragit* ay tungkol din sa korapsyon naman ng mga opisyal ng pamahalaan matapos ang panahon ng Hapon. Parang karugtong ng Anotasyong Morga, "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog," at *Kahapon, Ngayon, at Bukas.* Korapsyon ang nararanasan sa ngayon. Dudugtungan pa ni Hernandez ang nobelang *El Filibusterismo* ni Rizal. Ang kayamanan ni Simoun na itinapon ni Padre Florentino sa dagat ay makukuha ni Mando Plaridel na siyang gagamiting pondo sa pagtatayo ng isang imprenta para magamit sa propaganda ng mga manggagawa.

May isa pang malaking kontribusyon sa panitikan si Ka Amado. Siya ang nag-uwi at nagpakalat sa Pilipinas ng pamphlet ng "The Yenan Forum on Literature and Art." Dala niya ito pag-uwi nang dumalo siya sa kumperensiya ng Asian Writers Emergency Conference noong 1966 na ginanap sa Tsina. Tuwang-tuwa niyang ibinalita kay Ka Atang ang mga narinig niya sa kumperensiya. Ang laman ng Yenan Forum ay tatlo: una, ang kagyat na pangangailangan ng gamit sa propaganda para mapalaya ang Vietnam sa kamay ng Estados Unidos (at ng Pransya rin); pangalawa, ang gamit ng panulat bilang panlaban sa kolonyalismo; at pangatlo, ang pagbubuo ng kapatiran ng mga manunulat sa Asya at Latina Amerikana. Pansinin na puwede rin itong idugtong sa RdlM (Redencion de los Malayos) na inorganisa ng mga Mason, kasama nina del Pilar at Jose Basa. Plano nitong pag-isahin ang Argentina, Cuba, Indonesia, Malaysia at Pilipinas bilang isang pederasyon. Pansinin din na hindi pa nakararating ng Espanya ay kilala na nina Rizal si Villa Abrille, abogadong Argentine na gustong tumulong kay Rizal noong ito'y nakakulong na sa Dapitan.

Lalaganap ang Yenan Forum sa buong Pilipinas sa pangunguna ng PAKSA (Panulat para sa Kaunalaran ng Sambayanan) kasabay ng pagsigla ng First Quarter Storm bago idineklara ni Marcos ang Martial Law noong 1972. Ang pangunahing diskurso ng PAKSA ay "para kangino ba talaga ang panulat? Ano ang gamit nito?" Gamit ang satire at history para matalakay ang mga ipinagbabawal ng diktadura, pinahahalagahan din ang gamit ng tula at dula (tula-dula) sapagkat mas madaling makikita ang impact nito sa manonood. Hindi nalutas ang talakayan sapagkat inabutan ito ng proklamasyon ng Martial Law. At nang muli itong isaalang-alang, pinag-usapan man o hindi, makalipas ang tatlumpung taon, naglalabasan ang mga

talâ mula sa laylayan, o mumunting kasaysayan, sang-ayon sa mga nakilahok laban sa diktadura. Parang pagsagot ulit sa para kangino ang panulat.

Sa kasalukuyan, kapansin-pansin ang paglabas ng mga little histories. Ano ito? Si Michel Foucault ang bumanggit nito, noong kinuwestyon niya ang gamit ng malalaking naratibo, ng malalaking salita, kung nasaan ang maliliit na tao, at ano ang paningin ng ordinaryong tao sa nangyayari sa kanyang paligid. Sa pagsusulat ng biography, malamang hindi kasama ang mga ordinaryo o maliliit na tao. Ang biography ay puwedeng ipasulat sa mga mahuhusay na manunulat, pero sino ang gagawa ng talâ sa maliit na wala ngang pambayad? Kung wala o kulang sa talâ, ano ang mialalagay sa kasaysayan?

Sapat na ang tatlumpung taon para marebyu natin ang mga nangyari sa kasaysayan para makagawa tayo ng bagong pagtatalâ, kaya nga mahalaga ang pagbubuo ng mga mumunting kasaysayan na pansalungat sa historical revisionism. Ang talâ sa social media ay toxic. Ang Cambrige Analitica ay kayang magpabago sa kung ano talaga ang nangyari. Maraming pagmamaniobra, kaya nga ang mga isinuka ay nakabalik na. Kaya ang diktador sa Libingan ng mga Bayani ay nagpapahinga na.

Narito ang ilang mga naisulat sa labas ng mainstream na tema, mga pagtatalâ sa naging papel nila sa kasaysayan sa panahon ng diktadura.

Isinulat ni Pauline Mari Hernando ang *Lorena: Isang Talambuhay*. Si Lorena Barros ito na nagpundar ng MAKIBAKA (Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan) na sinasabing nag-umpisa ng progresibong peminismo sa Pilipinas. Anong silbi ni Lorena sa ating usapan? Sa librong ito matatalakay si Ramon Sanchez, isang ministro, isang propesor sa PUP bago mag-Martial Law. Dating idolo ng mga kabataan si Sanchez dahil makabayan pero nawala sa pagiging makabayan. Sa taláng ito, nababanggit ang PUP. Ang maraming kilos protesta na nilahukan ng PUP noong ito'y PCC pa lamang. Nabanggit din sa librong ito na ang dulo ng buhay ni Lorena, na sa probinsya ng Quezon na nito piniling magkanlong. Sa isang dating 'kasama' niya ipinagkatiwala ang kanyang buhay. Nagtaksil ang 'kasama'. Ang Quezon noong Dekada '50 at '60 ay kanlungan ng mga Huk o HUKBALAHAP (Hukbong Bayan Laban sa mga Hapon),

at mula dekada '70 ay kanlungan naman ng mga NPA at iba pang pangkat na piniling sa kanayunan ipagpatuloy ang paglaban. Ang *Ka Bel: The Life and Struggle of Crispin Beltran* ay talambuhay ni Crispin Beltran, na isang labor leader mula sa hanay ng KMU (Kilusang Mayo Uno) na malauna'y naging kongresista ng party list na kaalyado ng MAKABAYAN Block. Sa SALN ni Ka Bel, lumalabas na pinakamahirap siya sa kongreso. Katunaya'y namatay siya habang nagkukumpuni ng bubong ng kanilang bahay. Nariyan ang *Tay Pilo,* isang memoir na isinulat ni Bayani B. Banzuela. Memoir ito. Ang unang dalawang nabanggit ko kangina'y biography. Ang isinulat ni Banzuela ay ang nalalaman-naalala niya sa buhay ng kanyang tatay, si Tay Pilo. Isa itong labor leader sa San Miguel Corporation at malauna'y naging isang organizer sa Bicol. Siguro ang halaga nito sa akin ay mailinaw kung ano ang kanayunan. Maraming taga-PUP ang nagpunta sa kanayunan na hindi pa natin natitipon o nauumpisahang tipunin ang mga talâ. Nariyan din ang *Living in Times of Unrest: Bart Pasion and the Philippine Revolution* na isinulat ni Eduardo C. Tadem. Ang mga binanggit kong libro ay tumatalakay sa panahon nina Dr. Nemesio E. Prudente, Cesario Y. Torres, Bayani Abadilla, Rogelio L. Ordoñez, Dominador Mirasol at marami pang iba.

Ang huling akdang babanggitin ko ay ang *Of Tyrants and Martyrs: A Political Memoir* ni Manuel C. Lahoz, tungkol ito sa kung paanong ang mga relihiyoso na may tángang bibliya ay nagtángan din ng sandata sa isang kamay. Sina Fr. Zacarias Agatep at Sr. Mariani Dimaranan ang mga halimbawa nito, at si Macli-ing Dulag. Siya ang pangunahing tao sa pagkontra sa pagtatayo ng Chico Dam sa Abra na proyekto ni Desini, na paboritong crony ni Ferdinand E. Marcos, Sr. Nasa PUP rin si Edicio dela Torre. Ang babanggitin ko na lamang ay ang kanyang pagiging Regent sa PUP, at s'yempre si Lahoz mismo, na isa ring relihiyoso. Kumbaga, itong mga librong binanggit ko ay mga padron natin. Tayo man ay mayroon ding mga ganito. Ang iba ay naisulat na. Ang iba ay kailangang sulat pa.

Babalikan ko iyong PAKSA. Sa PAKSA, ang pangunahing pinuproblema ay para kangino ang panulat. Para sa lahat? Para sa masa? Sinong masa? Hanggang ngayon, kahit pa si 'ako, me and myself' na ang isinisigaw ng mga panig sa globalisasyon, may naghahanap pa rin sa talagang halaga ng panulat, may mga nagtatangka pa ring linawin ito. Gagawin ito ni Jose Rey Munsayac, na naging Dean ng College of Arts and Letters sa PCC bago mag-Martial Law. Nag-uumpisa pa lamang siyang magsulat noon pero

malaunan, makakagawa siya ng dalawang nobela. Isang nanalo ng Philippine Centennial Literary Prize noong 1998 at isang nanalo ng UP Centennial Literary Awards noong 2008. Pero tingin ko, ang pinakamaganda naisulat ni Munsayac, na puwedeng ikonekta sa kasaysayan ng panulat ng PUP, ay ang *Mga Akdang Hindi Uso.* Doon sa bahagi ng kanyang mga sanaysay, makikita ang kanyang poetics, kung ano ang halaga ng pagsusulat, noon at ngayon. Nandoon din ang pagpapaliwanag sa "para kangino ang panulat?" Papatunayan niya ito sa pagpaksa niya sa buhay ng mga ordinaryong tao tulad ng magsasakang si Juan Lazaro at iba pang tauhan sa kanyang mga kuwento at nobela.

Palagay ko, naapektuhan din ng PAKSA si Dr. Nemesio Prudente. Iyong kanyang memoir ay isinulat niya sa anyo ng isang nobela. Ang laman nito ay buhay niya. Kung paanong ang isang batang propesor ay kailangang tumakas at mag-organisa sa kanayuan kasama ng mga aktibista. Ito ang laman ng kanyang *The Revolutionist.* Si Joel Lamangan, noong panahon ni Dr. Prudente bago ideklara ang Martial Law, ay nasa PUP din bilang estudyante. Maipagpapalagay ko na kasama rin siya sa nag-aral sa PAKSA at lilitaw ito sa kanyang mga pelikula hanggang sa kasalukuyan. Ganoon din sa maikling kuwentong "Si Anto" ni Rogelio L. Ordoñez, ordinaryong tao na hindi mahalaga sa lipunan ang nagpasiyang gumanti sa mga nang-api sa kanya, at saka itatanong ni Ordoñez kung *Saan Papunta ang mga Putok?* Trivia, minsa'y pinagawan ko ng term paper si Ordoñez sa isang estudyante ko, sinunod naman ako, kaya lamang, noong isinulat na ang papel, ang wikang ginamit ay wikang 1920's na hindi naman ginagamit ni Rogelio Ordoñez. Kaya ang nangyari, nawala ang sense of humor ni Ka Roger. Ang nakita kong nagsasalita doon sa papel ay si Lope K. Santos. Isa pang magandang pag-ukulan ng pansin at panahon ay ang pangungulekta sa mga tula at dagli ni Bayani Abadilla, kung hindi man ang kanyang biography mismo.

At ngayon, ang underrated na hindi kilala ng marami sa atin, si Cesario Y. Torres, kasi nga'y kakaunti lamang ang talâ sa kanya. May isa kasing gumawa ng talambuhay niya, na siguro sampung taon nang ginagawa, na kapag hinanap ko iyong detalye kung nasaan na ay ginagawa pa rin daw. Na sinabi sa akin ni Lilian, anak ni Ka Sario, na may ilang mga dokumento si Ka Sario na nawawala. Ang mga historian, kung minsan kasi, sa takot na ang datos ay magamit ng iba, ay may tendency na gawin itong buro—itinatago lamang at hindi na nagamit. Ang tawag sa kanya noon, kay Ka Sario, ay Batang Huk.

Noong bata pa siya, ikinukwento niya kung paano sila nagbabagsak ng barya, na pupulutin nila sa lupa na siyang pantapat sa akto ng pagyukod sa mga Hapon. Hindi siya yuyukod sa mga Hapon. Batang kuryer siya noong panahon ng Hapon at kumilos siya sa pag-oorganisa kasama ni Rosenda, si Ka Sendang ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Naging Huk sila, malaunan, at naging organizer. Nahuli si Ka Sario noong 1952. Kaya lamang, hindi siya kasama sa pinangalanan sapagkat hindi siya malaking pangalan. Si William J. Pomeroy, Amado V. Hernandez, Simeon Rodriguez, at iba pa ang mga sikat. Ang sala nila ay sedition, na may kasamang kaso ng murder, arson, kidnapping at kung ano-ano pa. Wala namang ganoong batas. Napalaya sina Hernandez at Pomeroy, pero si Ka Sario ay nanatili sa kulungan nang higit sa dalawangpung taon. Matandang Huk na siya nang makalaya, pagbibiro ni Ordoñez.

Saan natin ngayon hahagilapin ang mga talâ na binanggit ko na. Iyong bundok, iyong bartolina, iyong pagtuturo, ito ang buhay ni Ka Sario. Halimbawa'y kasama siya doon sa biyaheng Bicol na ikukuwento niya. At kung magbabalik-aral tayo sa kanyang mga panulat, ang mga karanasan niya ang laman ng kanyang antolohiya ng maikling kuwento, ang *Gerilyero: Mga Kuwento ng Pakikibaka.* (May epikong-tula rin si Ka Sario na pinamagatang Gulok: Isang Makabagong Epiko.) Mga babaeng matatapang, buntis na kumander. Si Kumander Bakal na sa tingin ko'y si Alembre din lamang na nabanggit ni Pomeroy sa *The Forrest: A Personal Record of the Huk Guerrilla Struggle in the Philippines*. Mga totoong karanasan ang pinag-ugatan ng mga kuwento ni Ka Sario. Halimbawa'y ang kuwentong *Destinasyon: Bikol* na nasa talâ rin ni Pomeroy. Sayang at hindi natin pinag-aaralan si Pomeroy dahil lamang sa ikinategorya siyang bahagi ng lumang kilusan. Pero kapag tiningnan mo ang *The Forrest*, maiintindihan kung paano naipundar, kasama na ang support base ng mga nagkakaingin, ang mga ugnayan sa iba pang yunit sa loob at labas ng gubat, ang pagdidisiplina at pati na ang pang-araw-araw nilang gawain. At pansinin din na iyong kanayunan, nababanggit sa kasalukuyan, ay siya ring kanayunan noong araw. Si Bart Pasion ay umabot sa Mindanao sa pag-oorganisa. Sila Pomeroy ay umabot ng Bicol hanggang gawing Cordillera sa pag-oorganisa. Ito ang mga terrain ng kuwento ni Ka Sario.

Ano pa ang masasabi natin kay Ka Sario? Ang pagsagot niya sa tanong na "para kangino?" na pinapalaganap pa lamang noon ng PAKSA ay matagal nang laman ng kanyang mga kuwento. Praxis ang

tawag sa pagsasanib ng teorya at praktika. Ganoon ang laman ng mga kuwento ni Ka Sario. Hindi niya hiniram, kundi isinabuhay.

Ang mga binanggit ko'y mga manunulat na gumagawa ng mga alternatibong diskurso. Sila ang mga magtatalâ ng mga detalyeng nawawala sa kasaysayan. Imadyinin mong nagsulat ang mga katipunero. Mayroon naman. Kapirasong talâ ni Gregoria de Jesus, Kumander Apoy ni Mariano Alvarez at saka iyong talâ ni Ronquillo bilang depensa kay Aguinaldo.

Kung tutuusin, puwedeng hanapin kung nasaan ang talâ ng otsenta porsyento ng ating panitikan. Puwede iyong halukayin sa panulat ng mga taga-PUP bilang panimulang pag-aaral. Ang panahon ni Prudente ay panahon ng pag-iipon ng napakaraming manunulat at napakaraming intelektuwal sa PUP. Kaya lamang ay marami pang pagsisinop na dapat gawin na mayroon namang puwedeng magsigawa. Halimbawa, gusto kong tanungin ang mga manunulat na kasali sa Center for Creative Writing ng PUP. Mayroon din naman tayong University Printing Press, na kaya lamang kung magkaminsa'y natataranta sa pagkakaiba ng Printing Press at University Press. Ang University Press ay ang sukatan ng promotion ng mga nagsusulat at nagre-research na mga propesor, ito rin ang basehan sa excellence ng isang unibersidad. Ang Printing Press nama'y resibo at kalendaryo lamang ang ginagawa. Hindi rin komersyal ang University Press kaya hindi dapat hinahanapan ng tubò—matinong isip ang kinikita nito, at iyo'y hindi barya. Mayroon ding AB Literary and Cultural Studies na nasa English Department na puwede nang mag-umpisa ng mga pananaliksik. Mayroon ding subject na Local History ang Department of History na puwedeng gawan ng pag-aaral ang kasaysayan ng PUP. At ang katuwang dapat ng mga ito ay ang Center for Creative Writing at ang Center for Philippine Studies ni Jomar Adaya.

Maraming-marami pang mga manunulat ang PUP na hindi lamang sa loob ng campus kinilala kundi sa labas at hanggang sa ibang bansa. Nariyan ang panulat nina Edel E. Garcellano, makata at kritiko. Naririyan din ang mga essay at tula ni Domingo de Guzman. Marami ring mga manunulat na nakiraan lamang. Marami ring namalagi tulad nina Efren R. Abueg ng *Mga Agos sa Disyerto*.

Ang ibinigay ko ay para lamang maging curious kayo. Si Rolando Olalia, gusto ko rin ipaalala, ay galing din ng PUP. Si Al Mendoza, si Sol F. Juvida, ang mga ito ay mahuhusay na manunulat

na produkto rin ng PUP. Sa mga kabataang galing din sa PUP, si Zeno Denolo. Kinilala sila ng Palanca at iba pang institusyong gumagalang sa panulat, pero hindi kilala ng PUP? Idagdag pa natin ang mga tula ni Rene Boy Aviba na isang dating political detainee. Ginamit ko lamang si Ka Sario bilang pang-umpisa sa mga pag-aaral na maaari pa nating ipagpatuloy. Gumagawa lamang ako ng sampling. Kung hindi natin isusulat ang sarili nating kasaysayan, sinong aasahang magsulat nito? Kung hindi natin kilala ang mga nagpasimula, saan hahanapin ang leksyon sa kasaysayan. Maraming-marami pang maliliit na buhay na naghihintay na malinang para mabuo na natin ang panitikang bayan. Tayo ang magbubuo, ang mangongolekta, sa hinahanap kong mga nawawalang boses. Kung gayon, kung mabubuo natin ito, siguro'y hindi na natin ulit babalikan iyong mga usapin na binanggit ko kanina.

Maligaya na ba tayong napatalsik ang mga Kastila pero naiwan ang mga maka-Kastila? Maligaya na ba tayo na napatalsik ang isang diktador at ang ibinabalik ay ang mga kakampi ng diktador, at kung minamalas-malas, ay anak mismo ng diktador?

Oo, may halaga ang pagsusulat sapagkat ang pagsusulat ay pagtatalâ. Ang hindi natin makikita sa kasaysayan ay makikita natin sa mga isinulat ng ating mga manunulat. Balikan natin sila Rogelio Ordoñez, Bayani Abadilla, Dominador Mirasol, Dr. Prudente, Ka Sario—sila ang mga sinundan natin.

Salamat sa inyong pakikinig, at muli, magandang araw.

* *Binigkas noong ika-27 ng Abril 2022 via Zoom Conferencing sa Saliklinang : Mga Lektura sa Natatanging Manunulat ng PUP*

## MGA SANGGUNIAN

De Vega, Jose Mario D. Disidente: Reflection of the Radical. Central Books, 2013.

Hernandez, Amado V. "Isang Dipang Langit." Isang Dipang Langit: Katipunan ng mga Tula. Amado V. Hernandez. Ken, Inc., 1961.

––––––. Luha ng Buwaya. Ateneo de Manila University Press, 1974.

––––––. Mga Ibong Mandaragit. M&L Licudine Enterprises, 1969.

Hernando, Pauline Mari. Lorena: Isang Talambuhay. University of the Philippines Press, 2018.

Jazmines, Alan. Moon's Face and Other Poems. Kalikasan Press, 1991.

Lahoz, Manuel M. Of Tyrants and Martyrs: A Political Memoir. University of the Philippines Press, 2017.

McCoy, Alfred W. An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines. Ateneo de Manila University Press, 1994.

Miclat, Mario I. Secrets of the Eighteen Mansions. Anvil Publishing Inc., 2010.

Pomeroy, William J. Bilanggo: Life as a Political Prisoner in the Philippines, 1952-1962. University of the Philippines Press, 2010.

Sicat, Rogelio, tagasalin. Ang Gubat: Isang Personal na Rekord ng Pakikibakang mga Huk sa

Pilipinas. Ni William J. Pomeroy, University of the Philippines Press, 1997.

Torres, Cesario Y. Gerilyero: Mga Kuwento ng Pakikibaka. Kalikasan Press, 1991.

Reyes, Jun Cruz. Mga Daluyong, Mga Unos: Sa Panahon ni Rolando Olalia. Kalikasan Press, 1989.

Silverio, Ina A. Ka Bel: The Life and Struggle of Crispin Beltran. Southern Voices Printing Press, 2010.

Simbulan, Dante C. The Modern Principalia: The Historical Evolution of the Philippine Ruling Oligarchy. University of the Philippines Press, 2007.

Sison, Jose Ma. Prison and Beyond: Selected Poems, 1958-1983. Aklat ng Bayan, Inc., 1984.

Tadem, Eduardo C. Living In Times of Unrest: Bart Pasion and the Philippine Revolution. University of the Philippines Press, 2016.

Villegas, Edberto M. Barikada. Popular Bookstore, 2013